



Agad na bumisita si Dr. Jaime Aristotle B. Alip, Founder at Chair Emeritus ng CARD MRI, sa evacuation center na tinutuluyan ng mga pamilyang apektado ng pagbaha sa Tagum City, Davao del Norte noong January 28, 2019. Masaya itong nakipagkwentuhan sa bawat pamilya, na sila ring mga kliyente ng CARD financial institutions sa lungsod.

6.2 milyong kliyente na

▪ CARD MRI patuloy na dumadami ang kliyente nitong 2018

ni Raffy Antes

Naging matagumpay ang CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) sa pag-abot nito sa maraming Pilipino ngayong 2018. Tinatayang anim na milyon ang naging kliyente nito. Ang CARD MRI, sa pangunguna ng CARD

Mutual Benefit Association, Inc. (CARD MBA), CARD MRI Insurance Agency, Inc. (CaMIA), at CARD Pioneer Microinsurance Inc. (CPMI) ay nakapagbigay rin ng insurance sa 23.6 milyong indibidwal sa pagtatapos nitong 2018.

“Ang mga bilang na ito ay bahagi ng ating hangaring masupil ang kahirapan sa Pilipinas. Nakatutuwa ring ipamalita na ang mga nakasegurong indibidwal mula sa CARD MRI ay binubuo ng halos 23% ng kabuuang populasyon sa bansa,” sabi

ni Flordeliza L. Sarmiento, punong tagapamahala ng CARD MRI.

Ayon kay Sarmiento, naging isang malaking hamon ang taong 2018 para sa bawat institusyon na nasa ilalim ng CARD MRI. Dumaan sa mga



PhP20, kinabukasan ng pamilya ay masisiguro

ni Neliza Largueza

Siniguro ng CARD MBA, sa nagdaang Microinsurance Forum 2019 na idinaos noong ika-22 ng Enero sa Century Park, Manila na ang bawat pamilya ay magkakaroon ng pagkakataong masigurado ang kanilang kinabukasan sa halagang P20 kada linggo.

“Sa CARD MBA, bukas-palad tayo sa paghahatid ng mga produkto at serbisyong kapaki-pakinabang at angkop sa pangangailangan ng aming mga miyembro,” sabi ni May Dawat, punong tagapamahala ng CARD MBA. Simula nang pormal na buksan ang CARD MBA noong taong 1999, nakatuon na ang tanggapan sa paghahatid ng microinsurance sa mga kliyente mula sa apat na pangunahing institusyon ng CARD MRI: ang CARD, Inc., CARD Bank, CARD SME Bank, at CARD MRI Rizal Bank.

Unang inilunsad ng CARD MBA ang tatlong



3,175 bilang ng scholarship, ibabahagi ng CARD MRI

ni Raffy Antes

Nasa 3,175 bilang ng scholarship ang ilalaan ng apat na pangunahing institusyon ng CARD MRI – kabilang na ang CARD, Inc., CARD Bank, CARD MRI Rizal Bank, at CARD SME Bank – sa mga kliyente at mga kaanak nito para sa taunang pampaaralang 2019-2020.


Ang mga kliyente sa nasabing institusyon na tatlong taon nang miyembro, may 100% repayment rate, at 90% attendance rate ay maaaring kumuha ng scholarship qualifying exam sa ika-9 ng Pebrero 2019. Ang exam ay



Ang pagsusulit para sa CARD Scholarship Program na ginanap sa Estancia, Iloilo City. Ang mapapalad na kabataang mapipili ay hihirangang iskolar ng CARD MRI.



Ang CARD MRI ay isang organisasyong tumutulong sa pamilyang Pilipino upang makabangon mula sa kahirapan.



Follow our social media accounts!
@cardmri
CARD MRI
www.facebook.com/CARDMRIofficial

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa
(049) 562-4309

Scan this QR code to visit CARD MRI website



CARD MRI naghatid ng PhP115M tulong sa mga napinsala noong 2018

ni Neliza Largueza

Ang CARD MRI, sa pamamagitan ng mga tanggapan ng CARD MBA, ay nagbigay ng kabuuang PhP115 milyong halaga ng tulong at *claims* sa mga miyembro nitong apektado ng mga kalamidad noong 2018.

Kalahati rito o PhP61.9 milyon ay nagmula sa apat na pangunahing institusyon ng CARD MRI: CARD, Inc., CARD Bank, CARD SME Bank, at CARD MRI Rizal Bank.

Nasa mandato ng mga institusyong ito na magbigay ng tulong pinansiyal sa panahon ng sakuna, kalusugan, pangkalusugan, at iba pa.

“Bilang isang *social development-oriented* na samahan ng mga kompanya, ang CARD MRI ay hindi lamang nagsasagawa ng *microfinance* o *microinsurance*. Ang CARD MRI ay isang organisasyon na naghahangad na masupil ang kahirapan,” ayon kay Flordeliza L. Sarmiento, *Managing Director* ng CARD MRI.

Kasanayan sa pamamahala ng sakuna

“Sa mga araw bago

pumasok ang isang bagyo sa Philippine Area of Responsibility, ang aming mga kawani sa operasyon ay nagsisimula nang mag-apon at mag-repack ng mga *relief goods* para sa aming mga kliyente. Iyan ang dahilan kung bakit pagkatapos ng bagyo, ang pagtugon sa mga nasalanta ay nagagawa agad,” ayon kay Sarmiento.

Dagdag ni Sarmiento, nakapagbigay sila ng tulong at *claims* sa mahigit na 108,700 pamilya na nagkakahalaga ng PhP32,854,007.76 noong kasagsagan ng bagyong Usman. “Pasalamat kami sa aming mga kawani at tagapamahala na nakapunta sa *field* sa panahon ng bakasyon para lamang masiguro na ang aming *relief operations* ay nakalatag ng maayos,” sabi ni Sarmiento.

Tumungo mismo si Sarmiento sa Bicol Region upang masiguro na patuloy ang pamimigay ng *relief goods* at makita ang tunay na kalagayan ng bawat pamilya.

“Ang aking pagbisita ay upang masiguro na walang kahit isa sa aming mga kliyente ang hindi

nakatanggap ng tulong,” dagdag ni Sarmiento.

Ang mga boluntaryo at kliyente ng CARD na nasa mga apektadong pamayanan ay sumali rin sa pagre-repack at pamimigay ng *relief goods*. “Talagang napukaw ang aking damdamin kung paano ipinakita ng bawat isa ang *family spirit*.”

“Sa halip na magbakasyon, pinili ng ating mga kawani at mga kliyente na ibahagi ang kanilang oras sa pagtulong sa

mga nasalanta ng bagyo,” sabi ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip, *Founder* at *Chair Emeritus* ng CARD MRI.

Lahat ng mga kliyente ng apat na *financial institution* ng CARD MRI ay may karapatang makatanggap ng *microinsurance benefit* sa pamamagitan ng CARD MBA.

Ang bawat kliyenteng apektado ng sakuna ay siguradong may *safety nets* tulad ng *claims* at

ibang pampinansyal at di-pampinansyal na tulong.

Ang CARD MRI ay isang organisasyon na binubuo ng 21 na institusyon, kabilang ang apat na pangunahing institusyon at ang CARD MBA. Lahat ng institusyon ay nagbibigay ng *microfinance* at mga serbisyong nakapagpapaunlad sa mga komunidad upang masolusyonan ang kahirapan sa bansa.



Wari'y isang pamilyang nagbubuklod ang mga kliyente ng CARD sa rehiyon ng Bicol kasama ang ina ng CARD MRI, si *Managing Director* Flordeliza Sarmiento.



Lharzky Perfume

Touch, Smell, Feel, and Buy Lharzky Perfume at Affordable Price

Branches:
Fashionology GMA
Fashionology Imus
Shopitology Dasmariñas
The Emporium Dasmariñas
S & S FashionHub - San Pablo City Laguna





OPEN FOR RESELLER

Smart: 09209796361
TM: 09651458252
f lharzkyperfume
e lharzky17@gmail.com



SULONG!

Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI



Place your Ads Now !

Advertisement with Photos:
File Format: JPEG or PNG
Resolution: 300 dpi

For reservations:
You may contact us cardmri.publishing@gmail.com or call (049) 562-4309 loc. 108



CARD MRI
Hijos Tours Inc.
Experience our city,
our heroes, and our history

For inquiries, please contact us at (049) 562-4309 local 206 or email us at cardmri.hijostours@gmail.com / hijostours@cardmri.com



Sa halagang PhP20, kinabukasan... ◀ 1

pangunahing serbisyo na kinabibilangan ng *loan insurance* o Loan Redemption Fund (LRF), *retirement fund*, at *life insurance* na nagbibigay ng seguridad sa kinabukasan ng mga kliyente at mga kaanak nito na nasa 21 gulang at pababa.

Lahat ng ito ay kabilang sa P20 hulog kada linggo. Sa pangangalaga ng CARD, may higit 18.58 milyong indibidwal na ang may seguridad sa kanilang kinabukasan.

Ayon kay Dawat, natatangi ang samahan dahil pagmamay-ari at pinamamahalaan ng sarili nitong mga miyembro.

Ipinahayag din ni Violeta Aquino, pangulo ng CARD MBA ang kanyang pakikiisa upang mas maunawaan ng nakararami ang layunin ng *microinsurance*.

“Bilang kliyente ng CARD sa loob ng halos walong taon ay nakita ko kung paano natulungan

ng *microinsurance* ang bawat pamilya lalo na sa panahon ng kahirapan at ito ang nais kong ibahagi sa mga kapwa ko kliyente ng CARD,” sabi ni Aquino.

Binigyang-diin ni Dawat na ang CARD MBA ay nakapagbigay seguro na sa 18% ng kabuuang populasyon ng bansa.

“Ito ay isang tagumpay nang maituturing para sa CARD MBA. Ngunit bilang isang institusyon na naglalayong sugpuin ang kahirapan sa pamamagitan ng *microinsurance*, nais naming maabot ang maraming pamilya lalo na sa mga probinsya na wala pang kasiguruhan at proteksyon sa panahon ng kalamidad at mga di inaasahang pangyayari,” ani Dawat.

Layunin ng CARD MBA na masiguro ang kinabukasan ng 40 milyong indibidwal sa taong 2020 bilang suporta

sa 5-8-40 na istratohiyang tinatahak ng CARD MRI. Hinahangad ng CARD MRI simula pa noong 2016 na abutin ang walong milyong kliyente sa buong bansa at makapagbigay seguro sa 40 milyong indibidwal sa loob ng limang taon.

Bilang pagdiriwang sa Microinsurance Month, nagpapasalamat ang CARD MBA sa lahat ng kabahagi nitong institusyon sa walang katapusang suporta at sa patuloy na pakikipagtulungan ng bawat isa, kasama ng buong tanggapan. Ang CARD MRI ay isang organisasyong binubuo ng 21 institusyon na naglalayong supilin ang kahirapan sa Pilipinas sa pamamagitan ng *microfinance* at *microinsurance*, at mga programang makapagpapaunlad sa komunidad.

3,175 bilang ng scholarship... ◀ 1

magsisilbing kwalipikasyon para sa aplikante na gustong kumuha ng *scholarship* para sa kanila o kanilang anak.

“Edukasyon ang isa sa mga pambansang proyektong pinahahalagahan ng CARD MRI sa loob ng nakalipas na tatlong dekada hanggang sa kasalukuyan. Ang pagbibigay ng oportunidad na makapagtapos ng pag-aaral ang sinumang maghahangad nito ay nagpapalakas ng ating puwersa upang gawing posible ang pagsupil sa matinding kahirapan sa bansa,” ani Flordeliza L. Sarmiento, punong tagapamahala ng CARD MRI.

Binigyang-diin din ni Sarmiento na ang programa para sa libreng edukasyon ay bahagi ng proyekto ng apat na institusyon ng CARD MRI sa pagpapaunlad ng mga komunidad.

“Maliban sa pagbibigay

ng tulong pinansyal, pagpapahiram ng kapital sa mga potensyal na negosyante, at pagbibigay ng ilang mahahalagang benepisyo, ang apat na pangunahing institusyon ng CARD MRI ay nakatuon din sa pagbibigay ng tulong at suportang pang-edukasyon sa mga kliyente at mga kaanak nito bilang isa sa mga mabisang paraan sa pagsupil sa nararanasang kahirapan sa bansa,” ani Sarmiento.

Bago ang naturang pagsusulit ay kinakailangang punan ng mga interesadong aplikante ang isang *application form* na makukuha sa alin mang opisina o tanggapan ng CARD MRI sa buong bansa. Ang pagsusulit ay tatakbo sa loob lamang ng isang oras.

Ang listahan ng mga inaasahang lugar para sa pagsusulit ay ipapaskil sa opisina ng CARD MRI sa

buong bansa.

Mga programang pang-edukasyon

Ang CARD MRI ay may nakalaang libreng edukasyon para sa mga mag-aaral sa hayskul at kolehiyo. Gayunpaman, ang libreng edukasyon para sa *senior high school* ay nakalaan lamang sa mga mag-aaral na papasok sa CARD-MRI Development Institute (CMDI) sa Bay, Laguna, at Tagum, Davao del Norte. Ang programa ay bukas sa lahat ng anak ng mga kliyente ng CARD MRI.

Maging ang mga mismong kliyente ng CARD *Financial Institutions* na nagbabalak tapusin ang kanilang pag-aaral ay may pagkakataon ding maging bahagi ng pagsusulit para sa programang Balik Eskwela. Ang mga mag-aaral sa sekondarya na papalaring pumasa sa isasagawang

pagsusulit ay tatanggap ng P3,000 kada taon.

Ang mga mag-aaral sa *senior high school* sa CMDI ay tatanggap ng P17,500 kada taon. Ang mga mag-aaral sa kolehiyo ay tatanggap naman ng P12,000 kada taon. Ang mga tulong pinansyal ay tatagal ng apat na taon.

Programang “One Family, One Graduate”

Ang programang One Family, One Graduate ay ipinakilala ng CARD MRI noong taong 2016 upang masiguro na ang bawat pamilyang pinaglilingkuran ng apat na pangunahing institusyon ng CARD MRI ay magkaroon kahit iisang makapagtatapos ng kolehiyo.

Noong 2015, ang CARD MRI sa pamamagitan ng CMDI ay nabigyan ng pagkakataon ng Commission on Higher Education (CHED) na makapagbukas ng paaralan para sa mga mag-aaral ng

senior high school at kolehiyo.

Nagpatayo ang CMDI ng mga paaralan sa bayan ng Bay, Laguna at Tagum, Davao del Norte upang makapaghatid ng kalidad na edukasyon sa mga karapat-dapat na mag-aaral.

Ang mga iskolar at mag-aaral na makapagtatapos ng *Junior High School* at *Senior High School* ay inaasahang magpapatala at papasok sa dalawang kampus ng CMDI dahil maraming oportunidad ang naghihintay sa kanila.


“Binabalak namin na magbukas ng karagdagang paaralan upang magbigay pa ng pagkakataon sa mas maraming mag-aaral at upang ipakilala ang mga kursong may kaugnayan sa negosyo at pananalapi,” sabi ni Sarmiento.

Mula noong Disyembre 2018, ang CARD MRI ay nakapagbigay ng suporta sa 12,465 mga iskolar sa buong bansa. Mahigit 4,816 sa mga ito ay nakapagtapos na ng kolehiyo.

CAMPUS NEWS

CMDI, may gender-neutral na palikuran na ngayon

ni Dianne B. Ubaldo



Binigyang-diin ni Deverna Briones, VPAAA ng CMDI, sa kanyang pasimulang salita na ang bawat isa ay karapat-dapat na irespeto, anuman ang kanyang kasarian o katayuan sa buhay.

Pinasinayaan ng CARD-MRI Development Institute, Inc. (CMDI), sa pamamagitan ng Gender and Development (GAD) Office, ang isang *gender-neutral* na palikuran para sa mga mag-aaral nito na bahagi ng Lesbian, Gay, Bisexual, Transgender, and Queer o LGBTQ community noong ika-7 ng Enero 2019.

Layunin ng bagong pasilidad na itaguyod ang pagkapantay-pantay ng kasarian at lumikha ng tahimik at maayos na kapaligiran para sa mga mag-aaral nito. Ito

ay alinsunod sa Department of Education Order No. 32, Series of 2017, o ang Gender-Responsive Basic Education Policy; Commission on Higher Education Memorandum Order No. 01, Series of 2015 o ang Establishing the Policies and Guidelines on Gender and Development in the Commission on Higher Education and Higher Education Institutions (HEIs); at bahagi ng ambag nito sa pagkamit ng Sustainable Development Goals (SDGs), partikular ang ika-limang

SDG, o ang Gender Equality, na itinakda ng United Nations Development Programme (UNDP).

Binigyang - diin ni Deverna Briones, Vice President for Administration and Academic Affairs, ang kahalagahan ng indibidwal na pagkakakilanlan tungo sa personal na pag-unlad.

“Hindi inaalintana ang kasarian at estado sa buhay, tayong lahat ay may gaganaping papel, tungkulin, at mga responsibilidad na iaambag bilang mga indibidwal,” ani

Briones.

Higit pa rito, pinaalala ni Briones sa mga mag-aaral na kahit ano man ang kasarian, mahalaga ang walang pagkiling na pagtrato sa kahit sinoman, na may respeto, at pagtanggap sa pagkakaiba ng bawat isa sa pagkamit ng pagkakapantay hindi lamang sa kapaligiran ng paaralan, kundi maging sa buong komunidad.

“Tayong lahat ay nararapat irespeto. Ang respeto ay bahagi ng pandaigdigang pangkatauhang pagpapahalaga,” dagdag pa

niya.

“Tayo ay malugod na nagpapasalamat sa institusyon sa pagbibigay sa atin ng isang *gender-neutral* na palikuran. Nagpapahalaga tayo sa CMDI sa pagkilala nito sa komunidad ng LGBTQ,” pagbabahagi ni Ralph Vincent Varilla, isang grade 12 student.

Mataas ang respeto ng CMDI sa iba’t ibang paniniwala, pananaw, karapatan at kasarian. Patuloy ang paggabay nito sa mga mag-aaral tungo sa kanilang paglalakbay pang-edukasyon.



Tinanggap ng Grade 12 students ng CMDI Tagum na sina Novejoy Dellomes (ikalawa mula sa kaliwang bahagi) at Eve Bernice Delosa (ikatlo sa kaliwa) ang ikalawang gantimpala sa poster-making contest. Kasama nila ang kanilang mga tagapayo na sina Jelyn Mae Caberos (pinakakaliwa) at BYLI Founder Atty. Mark Borres (pinakakanan).

CMDI Tagum, nagwagi sa 2018 BYLI International Social Science Camp

CMDI Tagum Campus

Ang mga kinatawan ng mga publiko at pribadong paaralan sa buong bansa ay dumalo sa International Social Science Camp na may temang “Promoting and Accelerating Sustainable Development Goals” noong ika-26 hanggang ika-30 ng Oktubre 2018 sa Carlos Hilado Memorial State College sa Lungsod ng Bacolod.

Ang CARD-MRI Development Institute, Inc. (CMDI) ay sumali sa pangalawang pagkakataon at ito ay pinangatawanan ng mga mag-aaral ng *senior high school* galing sa mga kampus nito sa bayan ng Bay at Tagum.

Iba’t ibang mga kaganapan, tulad ng pagsulat ng sanaysay, paligsahan sa paggawa ng poster, bigkasang walang paghahanda, pagsusulit tungkol sa pangkalahatang impormasyon, debate, at paligsahan sa dayuhang pag-awit ang nakalinya para sa

limang araw na aktibidad.

Sina Eve Bernice Delosa and Novejoy Dellomes na kapwa mag-aaral ng ika-12 baytang ay nanalo ng ikalawang pwesto sa paligsahan sa paggawa ng poster; si Justine Morial na nasa ika-11 baytang ang nanguna sa pagsulat ng sanaysay; at si Joyce Mae Quijano na nasa ika-12 baytang ang tinanghal na kampyon sa paligsahan sa dayuhang pag-awit. Ang naturang *camp* ay itinatag ng Borres Youth Leadership Institute Inc. (BYLI).

Layunin nito na, “linangin ang kamalayan at pag-alala sa mga isyung personal, sosyal, pangkapaligiran at panteknolohikong konteksto at makalikha ng pagkadugtong-dugtong at komunidad ng mga batang lider na magiging mga ahente ng pagbabago.”



BAMVYS

SNACK HAUS

P-2 EASTERN WAO, LANAO DEL SUR
0935-595-9509

We also offer
Van for Rent

6.2 milyong kliyente... ◀ 1

pagsubok ang mga *financial at microinsurance institutions*, dahil sa ilang bagyo at kalamidad na kinaharap ng bansa.

“Ang kaligtasan at seguridad ng ating mga kliyente ang ating pangunahing prayoridad kaya naman bumuo tayo ng mgaistratehiya kasama ng ilang organisasyon na makatutulong upang masigurong wala sa ating mga miyembro ang napag-iwanan at hindi naabutan ng sapat na tulong,” dagdag pa niya.

Noong sumailalim ang Boracay sa rehabilitasyon, sinikap ng CARD MRI na magbigay suporta at tulong para sa lumalagong bilang ng mga kliyente nito sa naturang lugar.

“Sa kabila ng lahat ng pagsubok ay nagagalak tayong mapagtagumpayan ang mga ito dahil sa patuloy na suporta ng ating mga kliyente, mga empleyado, at mga katuwang. Natutuhan din natin ang mabilis na pagtugon sa mga hindi inaasahang pangyayari,” pagbabahagi ni Sarmiento.

Ang CARD MRI sa 2019

Malapit nang makamit ng CARD MRI ang direksiyong 5-8-40. Sa loob ng limang taon, layunin ng CARD MRI na magkaroon ng walong milyong kliyente at makapagbigay ng *insurance* sa 40 milyong indibidwal.

“Sa taong ito ay nais nating maghangad pa ng mas maraming kliyente,” ani Sarmiento.

Inaprubahan ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) ang tatlong bangko ng CARD MRI na makapagbukas ng panibagong branch-lite units (BLUs) sa buong bansa. Nasa 36 BLUs ang bubuksan sa ilalim ng CARD Bank, 17 BLUs sa ilalim ng CARD SME Bank, Inc., at 16 BLUs sa ilalim ng CARD MRI Rizal Bank. Bukod sa BLUs, magbubukas pa ng mga bagong sangay ng bangko ngayong 2019.

Ang BLU ay magbibigay daan sa mas mabilis at mas kapaki-pakinabang na

serbisyong maaaring ibigay ng mga bangko sa mga potensyal na kliyente mula sa mga probinsya at lungsod.

CARD, Inc., ang microfinance NGO ng CARD MRI, ay handa na ring magbukas ng karagdagang opisina upang marating ang mga lugar na hindi pa naaabutan ng serbisyo at tulong pinansyal. Pinayagan na rin ng BSP ang CARD, Inc. na maging *remittance center*.

“Ito ay isang panibagong yugto para sa operasyon ng CARD, Inc. Natutuwag kaming lahat dahil makapagbibigay na tayo ng serbisyo sa lahat ng Pilipino sa pamamagitan ng mga *remittance center*,” sabi ni Jocelyn Dequito, punong tagapamahala ng CARD, Inc.

Ang CARD, Inc. ay makapagbibigay na ng serbisyo pagdating sa mga perang ipinadadala mula sa iba’t ibang panig ng bansa. Kasama nito ang ilang lisensyadong *remittance center* katulad ng CARD Bank, na siyang

tagapangasiwa ng CARD Sulit Padala.

Ang CARD Sulit Padala ay isang *in-house domestic remittance service* ng CARD, kung saan ang mga kliyente ay maaaring magpadala o tumanggap ng pera mula sa alin mang bangko ng CARD MRI, maging sa CARD, Inc..

“Patuloy na nakatuon ang CARD sa pagpapalawak ng mga opisina nito upang abutin ang marami pang potensyal na kliyente sa mga probinsya at bayan upang masigurong mabibigyan sila ng tulong pinansyal,” sabi ni Sarmiento.

Isinasaalang-alang din ng CARD ang paggamit ng makabagong teknolohiya ngayong 2019 upang mapaglingkuran ang mga kliyente nito sa mas mabilis na paraan.

“Ang kahusayan at pagiging epektibo ng aming serbisyo ay resulta ng pagiging bukas at pagyakap natin sa mga bagong hamon na hatid ng modernong mundo,” dagdag pa niya.

Ang CARD MRI ay

isang organisasyong bukas sa pagbabago. Dalawa sa pangunahing tagumpay nito ay ang pagiging moderno sa pamamagitan ng pagbuo sa konek2CARD *mobile application* at Digital Cash Machine (DCM). Ang mga serbisyong ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga kliyente ng CARD na mapabilis ang kanilang transaksyon sa isang pindot lamang gamit ang kanilang *smart phone*.

“Bilang isang pamilya, umaasa tayo na makapagbibigay ng mas magandang kinabukasan para sa ating mga kliyente. Nagpapasalamat tayo dahil sa loob ng 32 taon at hanggang ngayon ay patuloy na lumalago at umuunlad ang pamilya at samahang ating binuo.

“Ang hamon ko para sa bawat isa ay mahalin ang ating bansa sa pamamagitan ng pagsuporta at pagtangkilik sa mga likhang produkto ng ating mga negosyante,” pagbubuod ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip, tagapagtatag at tagapangulo ng CARD MRI.

EDITORIAL

Pag-ibig, pangarap, at pag-asa tungo sa paglilingkod



“The best way to find yourself is to lose yourself in the service of others.” -Mahatma Gandhi

Ang paglilingkod sa kapwa ay isang dakila, ngunit mahirap na gawain. Sa panahon kung saan nagtataasan ang mga bilinghin at magulo ang pulitika, may panahon pa ba tayo na isipin ang kapakanan ng iba?

Normal lamang ang

ganitong tanong, ngunit dapat nating tandaan na ang paglilingkod sa kapwa ang pundasyon ng ating bansa – mula noon, hanggang ngayon.

Ang magandang halimbawa nito ay sina Dr. Jose Rizal at Gat. Andres Bonifacio. Bagamat alam nila na malaki ang kapalit ng paglilingkod, pinili pa rin nilang isakripisyo ang kanilang buhay para sa ating lahat.

Paano kaya nila ito ginawa sa kabila ng hirap? Masasabi natin na ang kanilang paglilingkod ay manipestasyon ng kanilang matinding pagmamahal para sa ating kapwa at bansa. Kung ang iyong puso ay puno ng pag-ibig, natural itong aagos sa ibang tao sa pamamagitan ng ating paglilingkod. Hindi natural at madaling maglingkod kung wala sa ating kapasidad na

magmahal. Ang pag-ibig ang kapangyarihan na kayang magtulak sa atin na harapin ang anumang pasanin at takot.

Hindi rin mawawala sa paglilingkod ang pangarap at pag-asa. Ibinigay nina Rizal at Bonifacio ang kanilang kakayahan at buhay sa bansa, dahil positibo sila na makakamit nila ang kanilang pangarap na makitang lumaya at umunlad ang Pilipinas. Sa pamamagitan ng pangarap, mayroon tayong klarong direksyon tungo sa ating inaasam na patutunguhan.

Dahil panahon na naman ng eleksyon, isang magandang halimbawa ng paglilingkod ay ang wastong pagboto ng kandidato. Ang pagpili sa pulitikong nagpapamalas ng mga katangiang nabanggit ay isang paraan upang maipakita natin ang ating pagmamahal sa bansa. Palagi nating tandaan na nakasalalay sa kanila ang kapakanan ng Pilipinas.

Ang ating patuloy na pakikilahok sa programa at adbokasiya ng CARD MRI ay isa ring paraan ng paglilingkod. Mula pa noong 1986, ito na rin ang mga katangiang isinasabuhay ng CARD MRI. Ang paglilingkod sa pamamagitan ng mga

serbisyong pampinansyal ay dala ng pag-ibig nito para sa mga Pilipinong salat sa oportunidad. Sa kabila ng mga panibagong hamon, naniniwala ang CARD MRI na makakamit ng ating bansa ang pangmatagalan na kaunlaran.

Sa paglipas ng panahon, marami na ang mga Pilipinong natulungan ng CARD MRI. Patuloy na nagsusumikap ang CARD MRI na maabot ang lahat ng Pilipino at matugunan nito ang kanilang pangangailangan.

Nagpapasalamat ang CARD MRI sa lahat ng miyembro nito na walang sawang sumusuporta. Nawa’y isabuhay nating lahat ang tatlong katangiang ito na ipinamalas ng ating mga bayani.

Hindi natin kailangang maging bayani para maglingkod sa kapwa. Ang bawat araw ay oportunidad upang tayo’y maglingkod. Maliit man o malaki, hindi man natin makita ang agaran nitong epekto, ang ating paglilingkod ay magbubunga ng magandang hinaharap.

Lagi nating tandaan na ang tagumpay ng CARD MRI ay tagumpay ng pamilyang Pilipino!



CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.
Publisher

Dr. Jaime Aristotle Alip
Flordeliza Sarmiento Marilyn Manila
Editorial Advisers

Dr. Edmund Centeno
Editor-in-Chief

Cyrene Grace Lubigan
Managing Editor

Jeffrey Tandingan
Associate Editor

Arnold Gutierrez | Albert Dayag
Layout Artists

Raffy Antes | Neliza Largueza
Writers

Clark Qury Cuello
Cartoonist

Nilalayon ng pahayagang ito na mabigyang inspirasyon ang bawat mambabasa upang lalong mapabuti at mapaunlad ang kaniyang sarili, pamilya, at bansa. Isinusulong namin ang tapat at totoong pagbabalita ng mga ulat na mahalaga para sa inyo. Para sa iba pang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.cardmri.com, ang opisyal na website ng CARD MRI. Maaari ring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa publishing@cardmri.com.

Ang SULONG! Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI ay inilalathala anim na beses sa loob ng isang taon tuwing ka-makalawang buwan sa pamamagitan ng CARD MRI Publishing House Inc.

Para sa *advertising rates* at para bumili ng kopya ng Sulong, maaaring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa publishing@cardmri.com.

CONTRIBUTORS

Dianne B. Ubaldo
CMDI Tagum Campus

CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.

M.L. Quezon St., City Sub.,
San Pablo City, Laguna

CARD MRI
Official Facebook page

@CARDMRI
Official IG account

CARD MRI
Official YouTube channel

www.cardmri.com
Official Website

Dear Boss,

Good day po!

This is a personal message to thank you po for your undying passion to help the poor and underprivileged.

As one of the centennial graduates, I still remember you in front of the UPLB Class of 2009 graduates, when you were sharing your experience (as a student up to establishing CARD MRI). I am grateful to CARD Bank, (wala pa pong Educ Loan noon) dahil ang Nanay ko po ay nagawa akong pag-aralin sa tulong ng SIKAP Loan. Kaya habang nagsasalita po kayo ay naka-relate po talaga ako sa mission ninyo po. Ang Nanay ko po ay isa sa mga unang member ng CARD Bank Bay sa Victoria, Laguna.

I am very amazed how I started my journey with CARD MRI. I applied as an insurance processor, but I was not able to qualify. Until then, naka-tatlong company na ako but I am still longing for something I cannot understand (due

to my young age). Finally in 2010, I was hired as Loan Manager (LM) for CARD SME Bank. I met you from my first year as LM in Naga (for the MIDAS RoadShow). Still, star struck pa rin po ako. Tapos po nang mag-staff meeting po kayo sa SME sa Insular Life, nagkataon po na ako pa po ang natanong niyo tungkol sa risk. I was star struck pa rin po na makita kayo in person.

I just write this message, Boss to let you know how amazing your mission is and I know that I am playing part of that mission (for 9 years na po sa March).

Plano ko po talaga magsulat ng sulat-kamay na letter, pero nung makita ko po ang inyong email, naisipan ko na po na ipadala ang aking mensahe sa inyo.

Salamat, Boss! Marami ka pong na-iinspire. Hindi ko po alam dati ang ibig sabihin ng “Para sa Bayan”, pero ngayon po naintindihan ko na po.

God bless you po.

Rossana A. Cacha



PAYO NI BOSS

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Founder and Chairman
Emeritus, CARD MRI

Maraming salamat, Rosanna, sa pagpapadala sa akin ng iyong liham. Labis kong ikinagagalak na malaman na pinili mong maging bahagi ng CARD upang makiisa sa ating misyong tuluyan nang wakasan ang kahirapan. Buo ang paniniwala kong inspirasyon sa iba, lalo na sa kapwa nating mga kawani, ang iyong adhikain na mabigyang katuparan ang ating misyong ito.

Nakatataba rin ng puso na malamang isa ka sa libo-libo pang natutulungan ng ating institusyon. Patunay ito na mayroong nararating ang ating misyon. Isa rin itong buhay na paalala na higit ang pangangailangang maipagpatuloy pa ang ating adhikain. Marami pa ang tulad mo. Marami pa ang tulad mong ninanais o minsan

nang ninais na makapagtapos ng pag-aaral. Marami pa silang kailangang maabot ng ating institusyon. Kaya naman, magpapatuloy pa rin ang CARD sa pagbibigay ng serbisyo sa ating mga kababayan, lalo na sa mga nasa laylayan. Maraming salamat dahil kaisa ka namin sa pagsasakatuparan ng pangarap na ito. Marahil nga’y kahit sinong kawani ay makapagsasabi na hindi madali ang pagtahak sa ating misyong ito. Maraming mga hamon at pagsubok ang ating mapagdadaan, mapa-operasyon man, o sa ating mga nasa opisina. Ngunit gaya nga ng lagi kong sinasabi sa sarili, alalahanin natin kung para kanino tayo kumikilos. Para kanino nga ba ang lahat ng ito? Hindi ba’t para sa mga pamilyang nasa laylayan na

ninanais nating matulungan, sa larangan man ng *microfinance*, edukasyon, o iba pang serbisyong panlipunan? Sila ang dahilan kung bakit tayo naririto. Sila ang bumubuo sa ating institusyon. Sila ang tunay nating inspirasyon, at nararapat lamang na matulungan natin sila sa abot ng ating makakaya.

Kaya naman, para sa mga gaya mo at sa lahat ng ating mga kawani, pasasalamat ang nais kong iparating sa pagiging bahagi ng CARD MRI. Hindi lamang tayo isang institusyon. Tayo ay isang pamilyang magkakapit-bisig sa pagpapaunlad ng buhay ng ating kapwa. Ikinararangal ko na bahagi kayo ng CARD MRI sa pagsasakatuparang mapaunlad ang pamumuhay ng bawat pamilyang Pilipino.

Ikaw, mayroon ka bang nais itanong kay Boss? Ipadala ang iyong tanong sa publishing@cardmri.com upang siya mismo ang magbigay sa’yo ng makabuluhang payo.

Sa lahat ng mga kawani ng CARDMRI, sana’y taglayin ng bawat isa ang ating *core values*. Ito ang magpapakita na iisang pamilya tayo sa paggawa. Magkakaiba man ang institusyon na ating kinabibilangan, iisa pa rin ang ating layunin. Kung paano natin ito sinasabi ay marapat na gayundin naman natin itong gagawin.

Palagi nating isaalaala ang ating pangako bilang kawani: na tayo ay nangangakong magpapatupad ng mga sistema at patakarang makapagpapaunlad sa pamumuhay ng mga kasapi; na tayo ay magiging matuwid sa lahat ng desisyon at kailanman ay hindi magsasamantala. Buong tiwala ako na gagampanan natin ito ng buong puso.

Ngayong buwan ng Pebrero,

tanggapin niyo ang aking maligayang pagbati sa inyo. Pasasalamat ang aking hatid sa inyong dedikasyon at pakikiisa sa layunin ng CARD. Alam kong ang layunin natin ay hindi madali. Madalas, marami tayong isinasakripisyo: puyat, malayo sa pamilya, at marami pang iba.

Sa kabilang banda, kahit na mahirap, nakatutuwang marinig pa rin mula sa inyo ang mga katagang “masaya ako sa ginagawa ko” o “gusto at mahal ko ang trabaho ko” — mga katagang alam kong nasabi ninyo hindi dahil sa posisyon o sweldo, kundi dahil sa hindi matatawarang pakiramdam na sa maliit na paraan ay nakatutulong tayo sa ating kapwa.

Nakagagalak ng puso na makitang ang bilang ng ating mga kasapi ay patuloy na dumarami. Humigit sa anim na milyong mahihirap na ang ating

nabibigyan ng iba’t ibang programa at serbisyo pangkomunidad. Patunay na sila ay nagtitiwala sa ating mabuting hangarin. Ingatan sana natin ang kanilang ibinigay na tiwala.

Sa ngayon, hangad pa rin natin na maabot ang mas maraming mahihirap upang magbigay ng maraming oportunidad sa pamamagitan ng ating iba’t ibang programa at serbisyo.

Ang CARD MRI 5-8-40 *strategic direction* ay isasakatuparan pa rin natin. Ang layuning magkaroon ng walong milyong kasapi at 40 milyong indibidwal na nakaseguro sa loob ng limang taon simula 2016. Sa ilang buwang natitira bago ang taong 2020, positibo akong maisasakatuparan natin ito. Ang pag-asang ito ay maisasakatuparan kung sama-sama tayo.



MULA SA PUSO NI ATE MD

Ms. Flordeliza L. Sarmiento
Managing Director,
CARD MRI

BALITANG PANGREHIYON



Katuwang sa
Financial Inclusion



Mga ahente
sa pagbabago



CARD Bank, handa nang
magpaabot ng serbisyong
pangpinansiyal sa
Baybay, Leyte



Pagpapaunlad
sa mga may-ari
ng tindahan

1 Mga ahente sa pagbabago

Binigyang-diin ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip, *Founder and Chair Emeritus* ng tanggapan ng CARD MRI, ang mahalagang tungkulin ng *Account Officers* at field staff sa malawakang pagsupil ng kahirapan sa bansa sa kanyang pagbisita sa CARD Bank sa Tanauan noong Enero 24, 2019. Ibinahagi ng mga empleyado ang kanilang karanasan sa pagtatrabaho sa ilalim ng CARD MRI. Nagbigay rin sila ng ulat hinggil sa mga lagay at pagbabago sa kanilang operasyon sa kanilang lugar na kinabibilangan. Ipinarating naman ni Dr. Alip ang kanyang pasasalamat sa lahat ng kawani para sa kanilang dedikasyon at suporta sa misyon ng CARD MRI upang supilin ang kahirapan. Noong ika-16 ng Enero ay nagkaroon ng salo-salo sina Dr. Alip, Dr. Dolores M. Torres, punong tagapayo ng CARD Bank; Flordeliza L. Sarmiento, punong tagapamahala ng CARD MRI; at ilang miyembro ng komite sa pamamahala ng CARD MRI sa Iloilo.

2 Pagpapaunlad sa mga may-ari ng tindahan

Nasa kabuuang 1,627 may-ari ng sari-sari store mula sa mga probinsya ng Samar at Leyte ang nagsipagtapos sa proyektong PREMIUM noong ika-24 ng Enero, 2019 sa Leyte Academic Center, Palo, Leyte. Sa naturang pagtatapos ay pinangunahan ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip, *Founder and Chair Emeritus* ng tanggapan ng CARD MRI, ang makabuluhang pagpapakilala sa mga nagsipagtapos kasabay ng mga layunin ng nabanggit na proyekto. Personal ding binati ni Dr. Alip ang mga miyembro na tatanggap ng benepisyo ng microfinance ng CARD MRI. Ang proyektong PREMIUM ay naglalayong tulungang umangat ang buhay ng mga kliyente ng CARD na biktima at nasalanta ng bagyong Yolanda, sa pamamagitan ng pagtulong sa mga may-ari ng tindahan na maging mapagmatyag sa lahat ng uri ng kalamidad. Sa kasalukuyan, ang CARD MRI, sa tulong ng CARD, Inc., ay nakapagbigay na ng PHP35.15 million sa 2,456 na kliyente na lumagpas na sa orihinal na target na 1,600. Inaasahan itong matapos sa katapusan ng Marso 2019. Ang proyektong PREMIUM ay bahagi ng pakikiisa sa Government of Canada, Cooperative Development Foundation (CDF) ng Canada, Hapinoy, RIMANSI, Insurance Commission (IC), at CARD, Inc.

3 CARD Bank, handa nang magpaabot ng serbisyong pangpinansiyal sa Baybay, Leyte

Upang makapagpaabot ng tulong pinansyal sa mga Pilipinong mahihirap, binuksan ng CARD Bank ang unang sangay nito sa 389 ML Quezon, St., Brgy. Gorieto Loreto Sr., Baybay City noong ika-20 ng Marso 2017. Ang CARD Bank ay isang *microfinance-oriented rural bank* na tumutugon sa mga pangangailangan ng mahigit dalawang milyong pamilyang hindi naaabot ng pampublikong serbisyo sa bansa. Nagbibigay ito ng mga *micro loan*, *savings product*, at *remittance service* na naglalayong makatulong sa pagpapaunlad ng buhay ng mga kliyente nito.

4 Katuwang sa inklusibong pananalapi

Isa ang CARD Banking Group sa mga katuwang na mga institusyon ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) na dumalo sa Annual Reception for the Banking Community of BSP noong ika-25 ng Pebrero 2019. Si Dr. Jaime Aristotle B. Alip, *Founder and Chair Emeritus*, ang kinatawan ng CARD Banking Group sa naturang pagtitipon. Dumalo rin sa naturang pagtitipon ang mga tagapamuno ng mga bangko sa bansa, maging mga pampubliko, pribado, at multi-lateral na katuwang na institusyon ng BSP. Ang CARD Banking Group ay dati nang ginawaran ng *financial inclusion champion award* ng BSP. Noong 2013, nagtamo ng gantimpalang BSP's Hall of Fame Award for Financial Inclusion Champion ang CARD Bank, Inc., ang microfinance-oriented rural bank ng CARD Banking Group. Sa kasalukuyan, tatlumpu't dalawang taon nang nasa "business of poverty eradication" ang CARD MRI.

CARD MRI HIJOS TOURS

Lakbay Aral



Sunod-sunod na lakbay-aral para sa 194 na *stockholders and center officers* ng CARD MRI ang isinagawa sa Laguna at Maynila, Leyte at Samar, at Iloilo noong unang dalawang buwan ng taong 2019. Parte ito ng pagkilala sa kanilang mahuhusay na pagganap sa kanilang mga tungkulin sa mga nasasakupang CARD centers.

Ang mga kasali sa lakbay-aral ay bumisita sa mga *microentrepreneurs* ng CARD, sa iba’t ibang tanggapan ng CARD MRI, at sa ilang makasaysayang lugar sa mga lokal na komunidad sa pamamagitan ng Hijos Tours. Layunin ng programang ito na mabigyan ng inspirasyon ang mga kliyente ng CARD mula sa kanilang mga natutunan sa kapwa nila kasapi, sa kwento ng isang bayan, at mas lumalim na pagkakakilala sa organisasyon na kanilang sinasamahan.



CARD MRI Hijos Tours Inc:
Maglakbay nang may sasay

For inquiries, please contact us at (049) 562 - 4309 or email us at cardmri.hijostours@gmail.com/hijostours@cardmri.com



May nais ka bang itanong tungkol sa iyong Kalusugan o Karamdaman?

Mag-email, text, o tumawag sa:
Mobile No: 09286425940
Email Address:publishing@cardmri.com

Sa susunod na edisyon ng Sulong ito ay bibigyang kasagutan ni Dr. Roderick Belen.



“Ako po si Jenny, 30 taong gulang, may 2 anak. Ang isa ko pong anak na 1 taong gulang ay mayroong tigdas. Ano po kaya ang pwedeng gawing paunang lunas at ano po ang mga sintomas nito upang maiwasan at makainom kaagad ng gamot. Salamat po!”

Ang sanhi ng tigdas ay ang “measles virus.”
Ang mga sintomas ay ang mga sumusunod:

- Lagnat na may kasamang mapupulang rashes
- Pamumula ng mata
- Ubo at sipon
- Pananakit ng katawan
- Panghihina
- Walang ganang kumain

Kapag naobserbahan ang mga ito, kumonsulta agad sa hospital, clinic, o health center. Ang taong may tigdas ay madaling makahawa. Walang gamot sa tigdas, ito ay “self-limiting illness” o sakit na kusang gumagaling, pero pwede itong magdulot ng komplikasyon katulad ng:

- Pagtatae
- Pulmonya o “Pneumonia”
- Pagkabulag
- Malnutrition
- Impeksyon sa loob ng tenga o utak

Ang pwedeng mahawa dito ay ang mga bata, matatanda, mga taong mahihina ang resistensya, at mga buntis.

Upang makaiwas mahawa o makapanghawa, ugaliin ang palagiang paghuhugas ng mga kamay gamit ang tubig at sabon o gumamit ng “hand sanitizer”. Takpan ang bibig o ilong pag umuubo o bumabahing. Huwag nang lumabas ng bahay kung hindi kinakailangan kung ikaw ay may tigdas na.

-Dr. Roderick Belen
MaHP Deputy Director

KWENTO NG MGA KASAPI

Ang hindi inaasahang pagbabalik

ni Neliza Largueza

Ang malaking sahod ay isa sa mga pinakamalaking dahilan kung bakit maraming mga Pilipino ang nagtatrabaho sa ibang bansa. Ito ang kadahilanan kung bakit naka-14 na taon si Gloria Apiles sa pagtatrabaho sa Hong Kong.

Sa batang gulang, nakapagpasya si Gloria na magtrabaho sa Hong Kong matapos mawalan ng *financial stability* ang kanyang pinapasukang trabaho. “Gusto ko sanang mamalagi at magtrabaho ng tuloy-tuloy sa Pilipinas, pero ang ikinatakot ko ay baka di ako makakuha ng magandang trabaho dahil hindi ako nakatapos sa kolehiyo,” saad ni Gloria.

“Nagpasya akong lumipad patungong Hong Kong upang magtrabaho bilang kasambahay. Ang pagtatrabaho sa ibang bansa at ang uri ng napasukan kong trabaho ay talagang mahirap. Isipin mo ang pagtira sa isang pamilya na hindi mo kakilala. Nahirapan din akong maintindihan ang kanilang pananalita at kultura. Ang magandang bagay ay tumatanggap ako ng buwanang sweldo na kasya sa pambayad ng aking mga utang at pagtaguyod sa aking pamilya,” aniya.

Sa Pilipinas, nagkautang si Gloria ng malaki dahil kinailangan niya ang pera bilang pambayad sa pagkuha ng mga kinakailangang dokumento bago siya makalipad patungong Hong Kong. Ang ideya ng pag-iipon ay hindi pa niya lubos na nauunawaan.

Makaraan ang dalawang taon, ang kontrata ni Gloria ay pinahaba. Bago pa man magsimula ang kanyang pangalawang kontrata, pinayagan si Gloria na makauwi sa kanyang bayan upang magbakasyon. Sa kanyang pagbakasyon, pinayuhan siya ng kanyang nanay na magnegosyo o kaya’y mag-ipon ng pera para sa kinabukasan.

“Sinabi sa akin ng aking ina na mamuhunan at mag-ipon habang ang mga anak ko ay maliliit pa. Hinikayat niya akong sumali sa CARD Bank dahil hindi lamang serbisyong pampinansyal ang inaalok nito, kundi pati ang benepisyong *life*

insurance,” dagdag ni Gloria. Dahil alam ng isang ina kung ano ang nakabubuti sa kanyang pamilya, sinunod ni Gloria ang payo ng kanyang nanay. Naging kasapi siya ng CARD Bank noong 2013. Natapos ang bakasyon, at panahon na para magpaalam si Gloria sa kanyang pamilya. Mabigat ang kanyang puso, ngunit bumalik siya sa Hong Kong. Marami pang mga bakasyon at pareho pa rin ang nararamdaman niya sa panahong magpapalaam siya.

“May isang beses na ayaw ko na talagang umalis. Subalit ang aking tatlong anak ay tutuntong na sa kolehiyo kaya’t kailangan ko na kumayod nang matindi,” pagbabahagi ni Gloria. Sa panahong iyon, ang pagbabadyet ay lalong naging mahirap para sa kanya kaya sinubukan niyang maghanap ng iba pang mapagkakakitaan habang siya ay nagtatrabaho sa Hong Kong. Sa kanyang araw ng pahinga, gumagawa siya ng mga tinapay (bitso) na natutuhan niya sa pamamagitan ng *online tutorial*, at binibenta niya sa kanyang mga kababayan sa Hong Kong. Ito ang nakatulong sa kanya upang kumita ng mas malaki para sa kanyang pamilya.

Ani Gloria, ang “magtrabaho-kumita” magpadala sa pamilya” ang kanyang naging pag-iisip kung ang pagtulong sa kanyang pamilya ang pag-uusapan. “Ito ang nangyari sa buhay ko sa Hong Kong,” pagpapatuloy niya. Dumaan ang mga taon, at nasaayos na niya ang kanyang pamumuhay sa Hong Kong. Datapwat sa kanyang pagbakasyon noong 2017, sinabi sa kanya ng kanyang amo na ang kanyang serbisyo ay hindi na kailangan. “Talagang nalungkot ako sa panahong iyon dahil gamay ko na ang trabaho ko sa Hong Kong,” saad ni Gloria.

Naghanap ulit si Gloria na ibang mapapasukan, pero sa panahong iyon pinigilan na siya ng kanyang asawa. “Gusto ko pang bumalik sa Hong Kong dahil di pa kami *financially stable*; pero pinigilan ako ng asawa ko. Gusto niya ako ang mamahala sa panaderya na itinayo ko sa sweldong natanggap ko,” sabi

ni Gloria. Sinabihan din siya ng kanyang asawa na walang silbi ang kanyang panaderya kung aalis pa siya. Isinaalang-alang niya ang payo ng kanyang asawa at nakapagpasya siya na siya na ang mamamahala sa panaderya. Ang nakatutuwang, ang mga bumibili ay patuloy sa pagdagsa.

“Hindi ko inakala na ang aking mga kapitbahay ay mawiwili sa pagbili sa aming panaderya,” pagbabahagi ni Gloria. Ang pagkakaroon ng kalamangan ay dahil sa pagdalo niya sa isang *financial literacy* and *enterprise development* na pagsasanay na inalok ng CARD Hong Kong Foundation.

Tungkol sa CARD Hong Kong Foundation

Itinatag noong 2010, ang CARD Hong Kong Foundation ay nagsasagawa ng programang *financial literacy* para sa mga Pilipinong nagtatrabaho sa Hong Kong. Layunin nitong maturuan sila ng mga tuntunin ng *basic financial literacy* and *entrepreneurship development*. Pinag-uusapan ng programa

ang mga paksa tungkol sa pagsasagawa ng layunin, mga gawi ng paggastos, pag-iipon at pagbabadyet, pamamahala ng utang, pamumuhunan, at pagpapaplano ng negosyo. Ito ay upang sanayin ang mga OFW na magplano kung permanente na silang uuwi sa kanilang bayan. Ang Foundation ay nagtataguyod din ng *tough love* na tinuturo sa konteksto ng Family Code of the Philippines. Sa konseptong ito, ang mga sumasaling OFW ay tinuturuan na mapagtanto ang kahalagahan ng pagtanggap sa mga hindi makatwirang pangangailangan ng kani-kanilang mga pamilya, at ang hindi pagbalewala sa kanilang pansariling pangagailangan.

“Ang *tough love* na konsepto ng Foundation ay nakatulong talaga sa akin upang mapagtanto ko ang payo ng aking ina tungkol sa pamumuhunan. Noong una, halos buo kong pinapadala ang sweldo ko pero kalaunan, natutuhan ko kung paano mag-ipon para sa aking sarili. Kada buwan, nagpapadala ako ng

pera sa Pilipinas at nagtitira ako ng bahagi na hinuhulog ko sa aking CARD Bank *savings account*,” aniya.

Sa loob ng apat na buwan, nakabili siya ng lupain sa kanilang bayan sa pamamagitan ng mahusay na pamamahala ng kanyang sweldo. “Nakipag-ugnayan din ako sa CARD. Nagsimula akong kumuha ng pautang at nagdeposito sa CARD Bank, dahil ito’y napakaginhawa at talagang mapagkakatiwalaan.”

Ayon kay Gloria, akala niya ay hindi pa siya handang umuwi sa kanyang bayan. “Lahat ay nangyari sa isang iglap. Ang pagbalik at pagtatrabaho sa Hong Kong ang bagay lamang na alam ko. Pero, napagtanto ko na handa na pala ako sa aking pagbabalik sa Pilipinas,” paliwanag niya.

“Nakapagpasya na akong manirahan at gawing mas kapaki-pakinabang ang aming panaderya. Kumikita ako rito at nakakasama ko ng tumanda ang aking pamilya at mga mahal sa buhay,” pagtatapos ni Gloria.

(Ang pagpapatuloy)



Higit pa sa Litson

ni Raffy Antes

Pagbibigay daan

Habang tumataas ang *demand* para sa mga kinakailangang suplay sa negosyo ay nakita rin ni Ruel ang pangangailangan na magkaroon ng karagdagang puhunan. Taong 2017, ipinakilala ni Elarz si Ruel sa CARD-Business Development Service Foundation Inc. (CARD-BDSFI) sa pamamagitan ng *chief executive* nitong si Julius Adrian Alip. Dahil dito, natulungan ng CARD Leasing and Finance

Corporation (CLFC), na siyang pinamamahalaan din ni Alip, si Ruel upang makahiram ng malaking halaga na kailangan niya para sa kanyang babuyan.

Ang CARD-BDSFI ay isang kilala, maaasahan, at makabagong samahan na nagbibigay ng tulong sa pagpapalago, pagpapaunlad, at pagpapakilala ng negosyo sa mas malaking pamilihan at koneksiyon sa mga kliyente ng CARD at sa maraming komunidad. Gayon din, ang CLFC na nagpopondo sa maliliit na negosyo at

micro, small, and medium enterprises (MSMEs) upang magbigay daan sa paglago ng iba’t ibang uri ng maliliit na negosyo. Ang mga kompanyang ito ay mga miyembrong institusyon ng CARD MRI.

Ang pamumuhunan ni Ruel ay nakapagbukas sa kanya ng pinto sa Oriental Mindoro. “Ang pangarap na ito ay napagtanto kong natatanging pag-asa upang bigyan ng pagkakataon ang bawat sambahayan na kumita ng pera at makaipon para sa kanilang mga pamilya,” dagdag pa niya.

Kasama ang CARD-BDSFI, nagsagawa si Ruel ng sunod-sunod na pagpupulong sa ilang komunidad at lugar sa Oriental Mindoro upang ipakilala ang kanyang hangarin. Kailan man ay hindi naging madali para kay Ruel ang maghanap ng tagapag-alaga ng baboy, dahil karamihan sa kanila ay mga kliyente ng ilang institusyon ng CARD katulad niya.

“Ang pamamaraan namin sa Mindoro ay naiiba dahil karamihan sa miyembro ng sambahayan

Ang rurok ng tagumpay

ni Neliza Largueza

Ang pagsisimula ng isang maliit na mapagkukunan ng kabuhayan ang layunin ni Leah Ebrado para sa unang sweldo ng kanyang asawa. Alam niya na ang pagtatrabaho sa konstruksyon ay mabigat para sa kanya, at ito ang naging dahilan upang si Leah ay magplano sa paggawa *folding bed* na yari sa yantok na *plastic*. Napag-alaman niya sa kanyang mga kapitbahay na ang mga gamit sa paggawa nito ay hindi gaanong mahal.

Naalala ni Leah na noong 2004, ang halaga ng *plastic* na yantok ay P38 kada yarda. Samantala, ang *recycled folding bed frame* ay P30 lamang kada isa. “Kailangan lang naming bumili ng pintura para mapatingkad ang kulay ng *folding bed*,” sabi ni Leah. Dagdag pa niya, ang pintura ay nagkakahalaga lamang ng P50 bawat isang lata na may lamang 250 mililitro. Lumaki si Leah sa Lungsod ng Batangas. Nang mapangasawa niya si Edwin na tubong Talisay Batangas, napagpasyahan nila na manirahan nang tuluyan sa Cebu. Ang bayan

ng kanyang asawa ay kilala sa mga *folding bed* na gawa sa *plastic* na yantok na siyang pangunahing pinagkukunan ng pangkabuhayan, bagay na nagpasigla kay Leah na magbakasaling gawin din ito.

“Ngayon, nakagagawa na kami ng 20 piraso ng *folding bed* na yari sa yantok na *plastic* sa bawat lingo at binibenta namin sa pakyawang presyo ng P400 - P450 kada piraso sa aming mga suki. Sa mga buwang malaki ang pangangailangan tulad ng Disyembre, nakatatanggap kami ng mas maraming order. Iyan ang dahilan kung bakit kailangan naming maghanap ng maraming ‘junk shop’ sa iba’t ibang barangay o munisipyo na makatutugon sa aming mga pangangailan ng *frames*,” sabi ni Leah. Bilang paghahanda sa pagdating ng panahon na mataas ang pangangailangan, sila ay kalimitang bumibili ng *frames* muna. Kaya kailangan nila ng dagdag na kapital. Kalaunan, natagpuan niya ang CARD SME Bank, isang *thrift bank* na nagbibigay ng komprehensibong maliit na pautang at *business loans* sa

mga maliliit na negosyante.

Bago siya naging kasapi ng bangko, si Leah ay naging kasapi muna ng Center for Agriculture and Rural Development (CARD), Inc., (A Microfinance NGO) na nagbibigay din ng maliliit na pautang at mga programang nagpapaulad ng komunidad. “Noong ika-18 ng Disyembre, 2017, pinayuhan ako na maging isang *transitioned client* ng NGO papunta sa bangko,” pagbabahagi ni Leah.

Si Leah ay isa sa mga libo-libong kliyente ng CARD, Inc. na nalipat sa pormal na bangko. “Ang paglipat ng mga kliyente ay nagaganap sa CARD dahil gusto namin na ang aming mga kliyente ay lumago at mapalawak ang kanilang mga negosyo na nangangailangan ng mas malaking kapital na lagpas na sa saklaw ng serbisyo ng CARD, Inc.,” pagbibigay-diin ni Jocelyn Dequito, *executive director* ng CARD, Inc.

Batay sa *business model* ng CARD MRI, kung ang mga kliyente ng CARD, Inc. ay



12



SULONG!
Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI

CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC. Ad Rates

Size	Inside Even Pages (B&W)	Inside Odd Pages (B&W)	Back Page (B&W)	Full Color Inside Even Pages	Full Color Inside Odd Pages	Full Color Back Page
Full Page	11,200	12,320	13,440	22,400	24,640	26,880
Center Spread	28,000					
1/2	5,600	6,160	6,720	11,200	12,320	13,440
1/4	2,800	3,080	3,360	5,600	6,120	6,720
1/8	1,400	1,540	1,680	2,800	3,080	3,360

Advertisement with Photos:

File Format: JPEG or PNG
Resolution: 300 dpi

For reservations:

You may contact us at cardmri.publishing@gmail.com or call (049) 562-4309 loc. 108

Higit pa sa..... ◀10

ay may kakayahang makabili at magkaroon ng sariling alagang biik. Isa sa kinatatakutan nila kung sakali ay ang kawalan ng mga potensyal na mamimili at suki. Kaya naman binigyan ko sila ng kasiguruhan sa papasuking negosyo sa pamamagitan ng pagpapatayo ng babuyan, kung saan nila maaaring alagaan ang mga biik na swak para sa pagpapalitson,” pagbabahagi ni Ruel.

Mula sa dalawang baboy para sa bawat sambahayan na sinimulang ibigay ni Ruel kasama ang CARD-BDSFI sa Mindoro ay dumami na at umakyat na ito sa pito. Nagsagawa rin ang CARD-BDSFI at si Ruel ng hanay-hanay na pagtuturo hinggil sa kung paano aalagaan at palalakihin nang maayos ang mga alagang biik. “Ang proyektong ito ay nagbigay sa aming mga kliyente sa Mindoro ng kaalaman kung paano ang tamang pag-aalaga ng mga baboy. Nagbigay daan din ito upang matuto silang magtanim ng mga pananim na kadalasang kinakain ng mga baboy,” sabi

ni Alip.

Sa kasalukuyan, si Ruel ay mayroong 12 tagapag-alaga ng mga baboy sa Quezon Province, at mahigit 600 pamilya sa 12 lugar sa Oriental Mindoro ang nagsusuplay sa kanya ng mga baboy na panglitson. Sa naturang probinsya ay nakapaglalako sila ng humigit-kumulang 800 baboy sa loob ng dalawang buwan, samantalang nasa 350 baboy naman kada linggo mula sa Mindoro.

Umaasa si Ruel na madadagdagan pa ang bilang ng sambahayang magsusuplay sa kanya ng baboy sa susunod na taon na aabot at sasakop sa ilang bahagi ng Occidental Mindoro.

Pagkakaroong ng Pagmamay-ari

Sina Vilma at Edelberto de Chavez ay mga tagapag-alaga na ng baboy sa loob ng tatlong taon, ayon sa kanila ang proyekto ni Ruel ang nagbigay sa kanila ng pagkakataon na mapakain ang kanilang pamilya sa araw-araw. “Kada linggo ay nakapagbebenta kami ng 10 baboy kay Ruel. Pagkatapos ay panibagong mga alagang biik ang ibibigay sa amin upang alagaan at palakihin sa loob ng ilang buwan. Ang

ganitong sistema ng aming negosyo ang dahilan kung bakit patuloy na natutugunan ang pangangailangan ng aming pamilya,” dagdag pa ni Vilma.

“Sa simula ay nahirapan kami dahil ang tanging ginagawa namin ay magpalaki ng mga biik na ibebenta sa loob lamang ng dalawa hanggang apat na buwan. Sa mga buwang ito ay hindi problema kung ano ang ipakakain sa mga alagang baboy, kundi kung anong pagkain ang ihahain ng mga tagapag-alaga sa kanilang hapag-kainan. Alam kong hindi madali sa una kung kaya ang mga asawang lalaki ng aking mga tagapag-alaga sa Quezon ang naging mga ahente ko sa pagbili at pagbebenta ng baboy,” sabi ni Ruel habang ikinikwentong nakabibili sila ng halos 40 baboy kada-araw.

“Ang pagiging isa sa mga ahente ni Ruel ay nakatulong sa akin sa pagkakaroong ng maipapakain sa pamilya at pagbabayad ng iba’t ibang bayarin,” pagbabahagi ni Edelberto.

Ayon kay Ruel, kailangan mo lamang maging maingat sa paghawak ng pera sa ganitong uri ng negosyo. “Mahalaga ang pagkakaroong ng kontrol sa mga gastusin, kaya naman

pinapayuhan ko sila na magtabi para sa mga bagay na maaari nilang pakinabangan sa maikli o mas mahabang panahon,” paliwanag ni Ruel.

Matapos ang unang kita mula sa babuyan ng de Chavez, naglaan si Ruel ng pondo para sa pagpapatayo ng bagong kulungan. Kasunod nito ay nakabili ang mag-asawa ng motorsiklo, nakapagpaayos ng bahay, naipagpatuloy ang pag-aaral ng kanilang mga anak, at nakapagbayad sa kuryente at tubig kada buwan.

Paggamit ng makabagong teknolohiya

Habang patuloy na tumataas ang *demand* sa mga alagang baboy na nagiging swak sa panlasa ng marami, kailangan ding pagtuunan ng pansin ni Ruel ang pagtuturo ng makabagong istrategiya sa mga tagapag-alaga nito ng mga palalakihing biik.

“Ang pagsusuplay ng mga alagang baboy ay madali na lamang na maisakatutuparan at dito papasok ang paggamit ng makabagong teknolohiya. Sa mga susunod na buwan ay makikipagtulungan kami kina Ruel at Elarz sa pamamagitan ng natatanging sistema, kung saan ang paglago ng

mga biik ay masusing masusubaybayan upang matukoy ang eksaktong araw ng pag-aani,” pagbibigay diin ni Alip.

“Mahalaga na mapamahalaan nang masusi ang ganitong uri ng negosyo, lalo na’t malaki ang bilang ng tagapag-alaga ni Ruel. Makatutulong ito upang maging mas maayos at organisado ang proseso ng pag-aalaga at pagpapalaki sa mga biik, kung kaya kailangang maging sistematiko ang mga hakbang na gagawin,” dagdag pa ni Alip.

Maliban sa layuning mapamahalaan ang sistema ng pag-aalaga at pagpapalaki ng mga biik, makatutulong din ito upang makahikayat ng karagdagang mamimili at suki mula sa mga karatig na lugar.

“Isa itong malaking desisyon na ating pagsasama-samahang tahakin, ngunit habang ninanais nating maisakatuparan at sundan ang ganitong proyekto sa Visayas at Mindano, magiging mas mainam na sina Ruel, ang BDSFI at Elarz ay angat na at nakahakbang



12

Higit pa sa...



sa naturang negosyo,” sabi ni Manuel Enrique Zalamea, may-ari ng Elarz.

Bukod dito, hangad din ng Elarz na binigyang – diin ni Manuel, ang maturuan ang mga magsasakang Pilipino ng tatlong bagay.

Una ay magkaroon ng kaisipang “First World Philippines”, kung saan ang mga katulad nilang magsasaka ay kikita ng sapat na halaga sa pamamagitan ng pag-aalaga ng pinakamainam na klase at lahi ng baboy para sa litson.

Ayon kay Manuel, ang Pilipinas ay mayroong 30 milyong ektarya ng lupa at 47% nito ay nakalaan para sa agrikultura.

“Kung malilintang natin ang 47% bahagi ng kalupaang pang-agrikultura ay matutulungan natin ang mga magsasaka na magkaroon ng sapat na pagkakakitaan at sa pamamagitan nito ay makikilala ang Pilipinas sa buong mundo,” dagdag pa niya.

Ang ikalawang bagay na nais ituro ni Manuel ay ang pag-iingat. Sa tulong ng Elarz at CARD BDSFI, tuturuan ang mga magsasaka sa gamit

at paglalakip ng *biogas* na angkop para sa mga maliliit na bakuran o sakahan. Ikatlo at panghuli ay magkaroon ng tagline na *Celebrations made Healthy* kung saan ang ihahaing litson sa mga pista at piging ay natural na napalaki at naalagaan.

“Ang organiko at natural na pag-aalaga ng hayop at pagsasaka ay nakatutulong upang mabawasan ng 50% ang mga gastusin na makapagbibigay sa mga magsasaka at tagapag-alaga ng hayop ng karagdagan at mas malaking kita. Higit pa rito, ang pagbibigay ng pinakamainam na kalidad ng baboy para sa litson ang pinakamahalaga sa lahat,” dagdag ni Manuel.

Ito ang dahilan kung paano makapaghahain ng pinakamasarap na litson – hindi lamang sa pamamagitan ng natural na pag-aalaga, dahil kasabay nito’y natutulungan natin ang mas marami pang magsasaka at tagapag-alaga na lumago at umunlad. Sa susunod na bibili ka ng litson, siguruhing hihiwain mo ang isa sa pinakamainam at pinakamasarap!

Experience the **JOY** to work with people.
Live the **PASSION** to help people improve their lives.
Have the **HEART** to serve others.

JOIN US

and be part of more than 16,000 - strong staff adhering to our core values of competence, culture of excellence, integrity, family spirit, humility, simplicity, and stewardship. We sustain the lives of more than 5 million clients during uncertainties. We create positive changes in the 57,000 community groups that we serve. We are a dynamic workforce dedicated to empower 8 million Filipinos by 2020.

AVAILABLE POSITIONS:

- | | |
|--|---------------------------------|
| (596) Account Officers | (2) IT Risk Officer |
| (5) Accounting Assistant | (2) Loan Administrative Assist. |
| (10) Assistant Compliance Officer | (10) Loan Manager AMG |
| (1) Asst. Library & Documentation Office | (2) MAHP Assistant/Field Nurse |
| (8) Bookkeeper | (1) Marketing Assistant |
| (1) Credit Investigator/Appraiser Head | (1) Marketing Officer |
| (1) Compliance Officer | (1) Module Developer |
| (1) Corporate Lawyer | (3) Regional IT Assistant |
| (11) Customer Service Officer | (1) Registrar Assistant |
| (3) Customer Service Representatives | (15) Savings Officer |
| (1) Data Control Center Assistant | (1) Security Admin Assistant |
| (1) Executive Assistant | (1) Security Manager |
| (3) Finance Assistant | (1) Security Officer |
| (1) Finance Officer | (1) Sr. Finance Officer |
| (45) Internal Auditor | (36) Teller |
| (17) IT Operator | (5) Training Officers |

Please send your application to the HR Unit at CARD MRI, 20 ML Quezon Street, City Subdivision, San Pablo City, Laguna or email us at cardhrd2018@gmail.com.

For inquiries, contact us at 0918-303-1067.

CARD MRI is a group of institutions that provides community development services including microfinance, microinsurance, capacity building and other social development services to poor women and their families. It operates nationwide.

CARD MRI
CARD Mutually Reinforcing Institutions

Remember the bravery of Filipinos and how we conquered our oppressors.

Look back at the glorious past of our cities.

Make known the contributions of our heroes who fought for our own identity.

Rediscover the #RealPH

Let us celebrate our own identity.
Book now!
(049) 562-4309

Visit our office
2nd Floor, CARD MRI Annex Building
8:00AM-5:00PM

CARD MRI HIJOS TOURS INC.

Ang rurok ng ...



nagiging *mature* na o handa na para sa *formal banking* dahil ang kanilang mga negosyo ay napapakinabangan na nila at ang pagganap nila bilang kasapi sa mga tuntuning pagbabayad ng utang at pagdalo sa mga pagtitipon ay walang palya, nililipat na sila sa isa sa dalawang rural banks- ang CARD Bank at CARD MRI Rizal Bank. Ang paglipat sa mga kliyente ay napakaimportante, dahil mas malawak at mas mataas na halaga na mauutang ang binibigay ng mga bangkong ito kumpara sa CARD, Inc.

Kung ang mga kliyente ng dalawang bangko ay mahusay sa kani-kanilang mga negosyo, sila ay nililipat naman sa CARD SME Bank. Ito ang pinakahuling bahagi ng proseso ng paglipat dahil ang bangkong ito ang nagbibigay ng mas mataas na pantang sa mga kliyente na nangangailangan nito.

Sa kaso ni Leah, nilipat siya kaagad sa CARD SME Bank galing sa CARD, Inc. Siya ay pumasa para sa SME loan products base sa

viability ng kanyang negosyo. “Ang kaganapang ito ay isang kapansin-pansing pangyayari sa pagpapatakbo ng CARD dahil may mga kliyente talaga na magaling sa pagpapatakbo ng kani-kanilang mga negosyo. Ito ay nangangahulugan lamang na hindi lamang tayo nagpapahiram ng pera, tinutulungan din natin silang umasenso” sabi ni Aristeo Dequito, pangulo at CEO ng CARD SME Bank.

“Bilang kasapi ng CARD SME Bank, pinayagan akong makautang ng iba’t ibang produkto na may kaugnayan sa aming negosyo,” sabi ni Leah.

Ngayon, si Leah at ang kanyang asawa ay patuloy at magkasamang kumakayod sa paggawa ng *folding beds* sa kanilang maliit na bakuran na nagsisilbing lugar na pagawaan. “Umaasa kami na makatanggap ng mas marami pang *order* para makakuha kami ng mas malaking lugar na gagamitin naming pagawaan,” pagtatapos ni Leah.